★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 65 ★

PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN NA KAUGNAY NG BUWIS SA BAG. TULUNGAN ANG KAPALIGIRAN

Ang Proposisyon 65 ay kailangan upang PATIGILIN ang mga tindahan ng groseri sa pagpananatili ng lahat ng perang nasingil mula sa mga buwis sa bag na pinaglalagyan ng pinamili bilang tubo sa halip na tulungan ang kapaligiran.

Ang mga tindahan ng groseri ay magkakaroon ng hanggang $300 milyon sa mga karagdagang tubo sa bawat taon maliban kung bumoto kayo ng oo sa Prop. 65.

Ang perang iyo ay dapat ilaan sa kapaligiran, hindi sa mga karagdagang tubo para sa mga korporasyon ng kawing-kawing na groseri.

Ang Proposisyon 65 ay MAGPAPATIGIL SA MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN SA MGA TINDAHAN NG GROSERI at ilalaan ang mga fee sa bag na pinaglalagyan ng pinamili sa mga makabuluhang layunin.

ISANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN SA SCRAMENTO

Sinong matino ang papayag sa mga tindahan ng groseri na magpanatili ng $300 milyon sa mga fee sa bag na pinaglalagyan ng pinamili na binabayaran ng masisipag na mamimili ng California na gusto lamang makaraos?

Ang Lehislatura ng Estado!

Sa isang may-pagtatanging kasunduang binuo ng mga tagalobi ng espesyal na interes, ang Lehislatura ay bumoto upang payagan ang mga tindahan ng groseri na panatilihin ang mga fee sa bag bilang *ekstrang* tubo.

Ang mga tindahan ng groseri ay magiging $300 milyon na mas mayaman samantalang ang mga mamimili ay magiging $300 milyon sa mas mahirap.

DAPAT MAHIYA ANG MGA TAGOLOBI AT MAMBABATAS

Ang malalaking kawing-kawing na tindahan ng groseri at nagtitingi ay nagbigay ng malalaking kontribusyon sa mga mambabatas sa nakalipas na pitong taon.

Ang mga mambabatas ay naggantimpala sa kanila ng $300 milyon sa mga bagong tubo—lahat ay sa mga likod ng mga mamimili.

Patigilin ang may-pagtatanging kasunduan sa espesyal na interes . . . BUMOTO NG OO SA PROP. 65.

ISANG MAS MAHUSAY NA PARAAN UPANG TULUNGAN ANG KAPALIGIRAN

Magagawa ninyo ang dapat ginawa ng mga mambabatas—ilaan ang mga fee sa bag sa mga tunay na proyektong nagpoprotekta sa kapaligiran.

Ang Proposisyon 65 ay naglalaan ng mga fee sa bag sa mga proyektong pangkapaligiran tulad ng tulong sa tagtuyot, paglilinis ng dalampasigan at pagtanggal ng kalat.

Ito ay naglalagay sa Lupon sa Konserbasyon ng Maiilap na Hayop-Gubat ng California sa pagkontrol ng mga pondong ito, hindi mga tagapagpaganap ng tindahan ng groseri, upang makinabang ang mga Taga-California.

PROTEKTAHAN ANG KAPALIGIRAN. PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN AT NAKATAGONG BUWIS SA BAG.

BUMOTO NG OO SA PROP. 65.

THOMAS HUDSON, Tagapagpaganap na Direktor
Komite sa Proteksiyon ng Nagbabayad ng Buwis sa California

DEBORAH HOWARD, Tagapagpaganap na Direktor
Liga ng mga Tagapagtaguyod ng Nakatatanda ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 65 ★

Tinatawag ng *San Jose Mercury News* ang Proposisyon 65 na isang "mapanlansing istratehiya" at idinagdag na ang "Prop. 65 ay karapat-dapat isaalang-alang bilang isa sa pinakamapanlinlang na mga panukala sa balota sa kasaysayan ng estado."

Ang labas-ng-estado na mga tagapagyari ng plastik na nasa likod ng Prop. 65 ay walang pakialam sa pagprotekta sa kapaligiran ng California. Gusto nilang lituhin kayo. Huwag paloko.

Ang mga bag ay hindi libre; ang mga ito ay ginagastusan ng inyong lokal na tagapagpatakbo ng groseri ng hanggang 15 sentimo bawat isa. Ang mga pigura ng industriya ng bag sa labas ng estado ay huwad. Ang di-partidistang pagsusuri ng estado ay humuhula na ang kabuuang kita mula sa Prop. 65 ay nasa "zero" hanggang, sa pinakamahusay, $80 milyon.

Tandaan, magkakaroon ng "zero" na pagpopondo para sa kapaligiran mula sa Prop. 65 maliban kung inaprobahan ng mga botante ang Prop. 67 upang itigil na ang paggamit ng mga plastik na bag.

Pero ang mga tagapagyari ng plastik na nasa likod ng Prop. 65 ay gumagasta ng milyun-milyon upang himukin ang mga botante na salutangin ang Prop. 67. Nalilito? Iyon ang plano ng industriya ng plastik!

Kung kayo ay nagpapahalaga sa pagprotekta sa maiilap na mga hayop-gubat at paglaban sa labas-ng-estado na industriya ng plastik na bag, Bumoto ng Oo sa Prop. 67, hindi sa panukalang ito.

Kung ikaw ay nagpapahalaga sa pagbawas ng pagpaparumi ng plastik, kalat at basura, Bumoto ng Oo sa Prop. 67, hindi sa panukalang ito.

Kung ikaw ay nagpapahalaga sa pagbawas ng mga gastos ng nagbabayad ng buwis para sa paglilinis ng plastik na kalat, Bumoto ng Oo sa Prop. 67, hindi sa panukalang ito.

MARK MURRAY, Tagapagpaganap na Direktor
Mga Taga-California Laban sa Pag-aaksaya

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 65 ★

ANG TANGING LAYUNIN NG PROP. 65 AY LITUHIN ANG MGA BOTANTE

Ang Prop. 65 ay nangangako ng marami pero—sa katotohanan—ay maghahatid ng kaunti para sa kapaligiran. Ito ay inilagay sa balota ng apat na labas-ng-estado na kompanya ng plastik na bag na patuloy na gumagambala sa mga pagsisikap ng California na bawasan ang pagpaparumi ng plastik.

Ang 65 ay walang tunay na kahalagahan, idinisenyo upang maglihis mula sa kasalukuyang isyu: pagtigil sa paggamit ng mga plastik na bag sa pamimili. Ang tanging gagawin ng 65 ay ang tuwirang pagpopondo mula sa pagbebenta ng mga papel na bag (isang opsiyon sa ilalim ng pagbabawal sa plastik na bag) patungo sa isang bagong pondo ng estado. Ang pera para sa pondong ito ay isang patak lamang sa timba at liliit sa paglipas ng panahon habang ang mga tao ay nag-aagpang patungo sa pagdadala ng muling nagagamit na mga bag.

UPANG TUNAY NA PROTEKTAHAN ANG ATING KAPALIGIRAN, BUMOTO NG OO SA 67

Ang priyoridad para sa kapaligiran ng California sa halalang ito ay bawasan ang nakapipinsalang pagpaparumi ng plastik sa pamamagitan ng pagboto ng Oo sa Prop. 67. Ito ay magpapatuloy sa mga pagsisikap na panatilihin ang maaksayang mga plastik na bag sa pamimili na wala sa ating mga parke, punongkahoy, kapitbahayan at pinahahalagahang mga bukas na espasyo.

Ang Prop. 65 ay hindi karapat-dapat sa inyong boto. Iparinig ang inyong boto sa mas mahalagang mga isyu at ipadama ang pagsunod sa mahalagang pagbabawal ng California sa plastik na bag hanggang sa dulo ng balota.

MARK MURRAY, Tagapagpaganap na Direktor
Mga Taga-California Laban sa Pag-aaksaya

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 65 ★

Ang mga kalaban ng Prop. 65 ay gustong ituring ito na "walang tunay na kahalagahan".

KAYO ANG MAGPASIYA: ANG ISANG $300 MILYONG PAG-AAGAW NG PERA NG MGA TINDAHAN NG GROSERI AY HINDI BA MAHALAGA?

Kung walang Prop. 65, wala kahit isang sentimo ng $300 milyon na iaatas sa mga parokyano na bayaran kung ang pagbabawal sa California sa mga plastik na bag ay magkabisa na tutulong sa kapaligiran.

Ang buong $300 milyon ay pupunta sa mga tubo ng tindahan ng groseri. IYON AY $300 MILYON BAWAT TAON!

BUMOTO NG OO SA 65—PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING PAMIMIGAY SA MGA NAGPAPATAKBO NG GROSERI.

Sa isang may-pagtatanging kasunduang binuo ng mga tagalobi ng espesyal na interes, ang Lehislatura ay bumoto upang IPAGBAWAL ang mga plastik na bag at IATAS sa mga tindahan ng groseri na panatilihin ang mga fee sa bag bilang tubo.

Ang kanilang "pagbabawal sa plastik na bag" ay NAG-AATAS sa mga tindahan ng groseri na sumingil sa bawat mamimili na binibigyan ng bag sa paglabas nang hindi mas mababa kaysa 10 sentimo kada bag.

Magagawa nila noon na ipagbawal ang mga plastik na bag nang walang fee o nakalaang mga fee sa mga proyektong pangkapaligiran.

Hindi nila ginawa.

Sa halip, ginawa nila ang mga tindahan ng groseri na $300 milyon na mas mayaman at ang mga mamimili ay $300 milyon na mas mahirap bawat taon.

ISANG MAS MAHUSAY NA PARAAN UPANG PROTEKTAHAN ANG KAPALIGIRAN.

Magagawa ninyo ang hindi ginawa ng Lehislatura pero dapat na ginawa—ilaan ang mga fee sa bag sa mga proyekto upang protektahan ang kapaligiran.

Ang Prop. 65 ay naglalaan ng mga fee sa bag sa mga proyektong pangkapaligiran tulad ng tulong sa tagtuyot, paglilinis ng dalampasigan at pagtanggal ng kalat.

Ito ay naglalagay sa Lupon sa Konserbasyon ng Maiilap na Hayop-Gubat ng California sa pagkontrol ng mga pondong ito, hindi mga tagapagpaganap ng tindahan ng groseri.

ANG PROP. 65 AY MAGLALAAN NG MGA FEE SA BAG SA KAPALIGIRIAN.

Ito ay madali at mahalaga.

Sumama sa amin—bumoto ng OO.

THOMAS HUDSON, Tagapagpaganap na Direktor
Komite sa Proteksiyon ng Nagbabayad ng Buwis sa California

DEBORAH HOWARD, Tagapagpaganap na Direktor
Liga ng mga Tagapagtaguyod ng Nakatatanda ng California